## Anu-ano ang ginagawa namin patungo sa SchoolsPlus?

Kumikilos kami patungo sa mas mataas na pagkaengganyo ng pamilya at kabataan at aktibong pagpa-plano para sa tagumpay.

Nakikipagtulungan sa mga katuwang, nag-aalok at nagsusulong ang Schools**Plus** ng isang ayos ng mga programa at serbisyo sa mga lugar ng paaralan, na maaaring kasama

- ang mga programang outreach, pagpapayo,
- kapisanan sa araling-bahay, suporta sa trabaho
- mga serbisyong pangkalusugan (mental health clinician, coordinator ng kalusugan ng kabataan, pediatrician)
- pagpupulis ng komunidad
- mga programang pang-almusal, klaseng pang-sustansya, hardin ng komunidad
- Mga sentro ng Early Years
- mga grupo ng kabataan (hal., sining, kultura, GSA)
- suporta sa pagiging magulang (hal., mga klase, pangkat panlipunan)
- programming sa libangan (pagkatapos ng eskwela, break sa Marso, tag-init)



SEP2024



Schools Écoles Plus

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Schools**Plus** sa Nova Scotia, makipag-ugnayan sa

**Coordinator ng SchoolsPlus**
Mga Serbisyong Pang-Estudyante, Departamento ng Edukasyon at Pag-unlad ng Maagang Pagkabata

2021 Brunswick Street
Halifax, NS B3K 2Y5

**(902) 424-3429**
**schoolsplus.ednet.ns.ca**

# Schools Écoles Plus

NOVA SCOTIA / NOUVELLE-ÉCOSSE

ISANG DISKARTE NG NAGTUTULUNGANG MGA AHENSYA NA SUMUSUPORTA SA BUONG BATA AT PAMILYA

komunidad
tagumpay
sa outreach
mga unang taon
kalusugan
nagmamalasakit
pinagsama-sama
pagtanggap
kabataan
mga pamilya
pakikipagtulungan
kultur
aktibo
sentro
pagkatapos ng eskwela
mga gabi
mga pakikisosyo
tag-init
suporta
mga serbisyo
impormasyon pagbabahagi
naa-access
pagpaplano

NOVA SCOTIA

# Ang maging sentro ng komunidad ang mga paaralan ang pangitain sa Schools**Plus**, isang maginhawang lugar para sa mga serbisyo na maihatid sa mga pamilya.

Ginagawang mas madali ng Schools**Plus** para sa mga propesyunal na makipagtulungan sa ngalan ng mga bata, kabataan, at pamilya. Pinagsisilbihan sa isang mapagtanggap at naa-access na lugar ang mga pamilya—isang paaralan sa kanilang sariling komunidad. Nirerespeto at nilulutas ang natatanging pangangailangan ng komunidad ang mga serbisyong binibigay ng bawat lugar ng Schools**Plus**.

Mayroon ang bawat lugar ng isang komite ng pagpapayo sa rehiyon representasyon mula sa iba't ibang kagawaran ng gobyerno, gaya ng Justice, Health and Wellness, Community Services, at Education and Early Childhood Development, pati na rin ang mga organisasyon ng komunidad. Tumutulong ang mga komiteng tagapayo na ito na tukuyin ang mga puwang sa mga serbisyo o mapagkukunan at makabuo ng mga solusyon.

## Paano pinapaunlad ng Schools**Plus** ang paghahatid ng mga programa at serbisyo para sa mga mag-aaral at pamilya?

Nagbibigay ang Schools**Plus** ng

- isang komprehensibo, nakikipagtulungan, at pinagsama-samang paghahatid ng mga serbisyo
- pagbabahagi ng impormasyon at mapagkukunan sa pagitan ng mga ahensya
- mga napapanahon at epektibong serbisyo
- pananagutan at paggamit ng pinakamahuhusay na kasanayan base sa ebidensya
- serbisyo sa kabila ng araw ng eskwela
- kapasidad ng gusali
- mga pampamilyang paaralan

Nagsusulong ang Schools**Plus** ng paggamit ng mga pasilidad ng paaralan ng mga mag-aaral, pamilya, at mga komunidad sa pamamagitan ng

- gawaing panlipunan, kalusugan, hustisya, libangan, at mga serbisyong kalusugan ng isip na inaalok sa lugar ng paaralan
- Mga sentro ng Early Years, sentro ng mapagkukunan ng pamilya, at sentro ng kalusugan ng kabataan, na matatagpuan sa loob ng mga paaralan

## Paano kumikilos ang Schools**Plus**?

Sinusuportahan ng isang facilitator at isang manggagawa ng outreach sa komunidad ang mga lugar ng Schools**Plus**. Kumikilos sila bilang tagapag-ugnay sa pagitan ng mga paaralan at komunidad at ng mga serbisyo para sa mga mag-aaral at pamilya. Tinutulungan nila ang mga pamilya na i-navigate ang sistema at kumuha ng mga serbisyong kailangan nila. Matatagpuan ang mga clinician ng kalusugan sa isip ng paaralan sa ilang nakikilahok na Schools**Plus** na paaralan para magbigay ng suporta at paggamot sa mga mag-aaral na nakakaranas ng mga issue sa kalusugan sa isip.

## Sino ang sineserbisyohan ng Schools**Plus**?

Sinesebisyohan ng Schools**Plus** ang lahat ng mga bata, kabataan, at pamilya, at lalung-lalo na ang mga taong nangangailangan ng mga karagdagang suporta at serbisyo.




## Sino ang sineserbisyohan ng Schools**Plus** ?

Sinesebisyohan ng Schools**Plus** ang lahat ng mga bata, kabataan, at pamilya, at lalung-lalo na ang mga taong nangangailangan ng mga karagdagang suporta at serbisyo.




At sa panahong iyon, ang Facilitator ng Schools**Plus** ay iniimbitahan sa mga pagpupulong ng Pangkat ng Pagpaplano ng Estudyante kung kinakailangan. Dedepende sa lebel ng pangangailangang natukoy sa oras ng pag-refer ang antas ng tugon. Minsan, nangangahulugan ito ng isang simpleng pagbabahagi ng impormasyon ng pakikipag-ugnayan para ikonekta ang mga pamilya sa mga serbisyong kailangan nila. Sa ibang pagkakataon, maaaring magtayo ang facilitator ng isang pagpupulong kasama ang isang bilang ng mga tagapagbigay ng serbisyo para lumikha ng isang planong pagkilos sa isang pamilya. Tinatawag namin ang planong pagkilos na ito bilang isang komprehensibong plano ng serbisyo.

Maaaring kailanganin ng mga mag-aaral ng isang komprehensibong plano ng serbisyo kapag

- kailangan nilang makonekta sa maraming serbisyo
- may mga hadlang na pumipigil sa pag-access sa mga serbisyo
- ibinibigay ang isang maraming uri ng mga serbisyo, ngunit kailangan pa rin nila ng karagdagang mga serbisyo para sa tagumpay